Filipino

Programang NSW Seniors Card

# Gabay sa Pagiging Miyembro

Tamasain ang mga benepisyo na nararapat sa mga senior sa NSW




NSW GOVERNMENT | SENIORS CARD

# Panimula

Ang Programg NSW Seniors Card ay isang inisyatiba ng Pamahalaang NSW upang mabawasan ang gastos sa pamumuhay para sa ating mga nakatatandang mamamayan at kilalanin ang kanilang kontribusyon sa ating komunidad.

Sa pamamagitan ng pinagsama-samang mga diskuwento sa mga produkto at serbisyo mula sa libu-libong mga negosyo, at malalaking konsesyon sa transportasyon ng pamahalaan, nilalayon nitong matulungan ang mga nakatatanda (seniors) na mabuhay nang mas malusog, mas masaya, mas aktibo, nakaugnay at may abot-kayang pamumuhay sa pagreretiro.

Bawat mamamayan na 60 taong gulang at pataas na permanenteng residente ng NSW ay karapat-dapat para sa isa sa dalawang card na inaalok ng programa: **Seniors Card** o **Senior Savers Card**.



# Seniors card

*Para sa mga senior na nagtatrabaho ng 20 oras o mas kaunti sa bawat linggo sa isang may-bayad na trabaho (na humigit-kumulang sa loob ng 12 buwan)*




Ang orihinal na Seniors Card, na sinimulan noong 1992, ay nag-aalok ng mga diskuwento sa mahigit sa 7,400 mga negosyo, kasama ang pag-access sa isang Gold Opal card at mga konsesyon sa transportasyon na nilikha upang matulungan ang mga tao na ganap na retirado o halos retirado na mabuhay nang mas malusog, mas masaya, mas aktibo at may abot-kayang pamumuhay.


# Senior Savers card

*Para sa mga senior na nagtatrabaho pa rin nang mahigit sa 20 oras sa isang linggo sa isang may-bayad na trabaho (na humigit-kumulang sa loob ng 12 buwan)*




Ang Senior Savers card, na idinagdag sa programa noong 2019, ay ipinaaabot ang parehong 7400+ diskuwento sa negosyo sa dumaraming bilang ng mga senior na nagtatrabaho pa rin pagkatapos ng edad na 60, at hindi pa marapat para sa Seniors card.

Kapag ang mga may hawak ng Senior Savers card ay nagsimulang magtrabaho nang mas kaunti o ganap na magretiro, maaari silang magpapalit sa Seniors card na may buong mga konsesyon sa transportasyon ng pamahalaan para sa mga retirado.



**Sa loob ng gabay na ito mababasa mo ang higit pang impormasyon at mga mungkahi kung paano masusulit ang iyong pagiging miyembro.**

Kung nais mong malaman ang higit pa o mag-aplay para sa isang card, bisitahin ang **seniorscard.nsw.gov.au** o kontakin ang Service NSW sa **13 77 88**.

**I-like kami sa Facebook @seniorscardNSW**

NSW GOVERNMENT | SENIORS CARD

# *Mga Benepisyo para sa lahat ng mga card member*

Lahat ng mga miyembro ng Seniors Card at Senior Savers Card ay makikinabang sa malawak na hanay ng mga diskuwento, mga alok, mga kaganapan at mga mapagkukunan.




- **Libo-libong nga diskuwento araw-araw** ang ipinauubaya ng mga kalahok na negosyo sa buong NSW. Siguruhing ipakita ang iyong card at magtanong



- **Higit pang mga diskuwento sa ibang estado** sa kaugnay na mga Programang Seniors Card




- **Mga espesyal na alok** mula sa hanay ng mga negosyo, kabilang ang mga katuwang na korporasyong gaya ng:

agl

IGA

INSUREANDGO

- **Eksklusibong nilalaman** kabilang ang aming buwanang **EXTRA e-Newsletter**, na puno ng impormasyon, mga espesyal na alok, mga paligsahan, mga pamigay at marami pa

- **Napapanahong impormasyon** tungkol sa nalalapit na **mga kaganapan** at **mga aktibidad**

- **NSW Seniors Card community** na may masiglang grupo sa Facebook, araw-araw na mga pag-update at mga oportunidad na maka-ugnay

- **Discount Directory** upang mahanap ang mga deal na hinahanap mo, sa lokal o sa buong estado (tingnan ito sa online **seniorscard.nsw.gov.au**)

- **Seniors Card Mobile App** para maghanap ng mga ganitong diskuwento at deal kahit abala ka pa

# Ano ang alok

Baka mabigla ka sa hanay ng mga negosyo na sumali sa Programa ng Seniors Card upang maghatid sa iyo ng magagandang deal. Matutulungan ka ng iyong pagiging miyembro na makatipid sa lahat ng bagay, mula sa lokal na pamimili hanggang sa mga gastusin sa bahay hanggang sa pagpaplano sa susunod na malaking bakasyon.

Magtamasa ng mga pang- miyembrong diskuwento at deal sa:

- Akomodasyon
- Pang-sasakyan
- Aliwan at mga atraksyon
- Pagkain at Inumin
- Kalusugan at kagalingan
- Pagtatayo ng bahay at pagkukumpuni
- Propesyonal at personal na mga serbisyo
- Tingian (retail) at online na pag-shopping
- Paglalakbay at bakasyon
- Mga bayarin sa serbisyong tulad ng kuryente at tubig (Utilities)
- At marami pang iba...

# Paano masusulit ang iyong pagiging miyembro

- Dalhin ang iyong card kapag ikaw ay may pupuntahan
- Laging tingnan kung may karatula na Seniors Card Welcome Here sa alinmang negosyo na iyong binibisita
- Huwag kang mahiya - kahit na wala kang nakitang karatula, tanungin kung nag-aalok sila ng diskuwento sa Seniors Card
- Siguruhing magtanong kapag ikaw rin ay naglalakbay – maraming mga negosyo sa ibang mga estado ang tumatanggap ng iyong pagiging miyembro sa NSW. (Maaari mo ring tingnan ang mga website ng nauugnay na mga programa ng Seniors Card sa ibang mga estado upang makita kung ano ang inaalok doon.)
- Gamitin ang Discount Directory para maghanap ng mga diskuwento sa iyong lokal na lugar, o ayon sa uri ng negosyo o ayon sa pangalan ng negosyo
- I-download ang Seniors Card mobile app para maghanap ng mga bagay-bagay habang naglalakbay
- Tiyaking natatanggap mo ang aming EXTRA e-Newsletter kasama ang lahat ng mga pinakabagong alok, impormasyon at mga pamigay (kung hindi mo ibinigay ang iyong email address upang makatanggap ng newsletter, gawin ito ngayon sa **seniorscard.nsw.gov.au**)
- I-like kami sa Facebook upang makita ang mga espesyal na promosyon at arawang mga balita, mga kwento at mga pag-update

SENIORS CARD
welcome here
An initiative of the NSW Government



# *Mga karagdagang benepisyo para sa mga miyembro ng Seniors Card*

Bilang miyembro ng **Seniors Card** na ganap o halos retirado, ikaw rin ay may karapatang tumanggap ng maraming mga konsesyon sa pampublikong transportasyon sa buong NSW.

Sa pamamagitan ng Gold Opal card, maaari kang mag-tap sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon sa buong Sydney, sa Blue Mountains, Central Coast, Hunter, Illawarra at Southern Highlands - lahat ay may halagang $2.50 sa isang araw kahit gaano kadalas kang maglakbay.




## Mga benepisyo ng Gold Opal

Ang Opal ang pinakamaginhawang paraan upang makapaglibot sa NSW gamit ang pampublikong transportasyon. At ang Gold Opal na para sa mga marapat na miyembro ng Seniors Card ay may kasamang pinakamalaking diskuwento sa transportasyon sa buong lugar. Sa Gold Opal makukuha mo ang:

- **Walang limitasyong paglalakbay sa halagang $2.50 sa isang araw sa:**
  - Lahat ng mga Tren ng Sydney
  - Lahat ng mga Serbisyong Intercity ng NSW Trainlink
  - Lahat ng mga bus sa Sydney, sa Blue Mountains, Central Coast, Hunter at Illawarra
  - Lahat ng mga Sydney Ferry at sa Stockton Ferry sa Newcastle
  - Light rail

* Hindi kasama ang Station Access Fee sa Sydney Airport Station

- **Karagdagang mga konsesyon sa paglalakbay sa:**
  - Mga serbisyo ng lokal na bus na pribadong pinapatakbo sa regular na ruta
  - Lahat ng mga serbisyong Panrehiyon na NSW Trainlink
  - Mga Excursion ticket - marapat sa mga tiket na Country Pensioner Excursion at Regional Excursion Daily
- **Mga konsesyon sa transportasyon sa buong Australya** – tingnan ang webiste ng Seniors Card para sa estado o teritoryo na iyong binibisita para sa mga detalye kung paano maging kwalipikado.
- **Madaling gamitin at muling magagamit na smartcard** – mas madaling gamitin kaysa bumili ng papel na mga Excursion Ticket sa iyong bawat paglakbay. Mag-load lamang at sumakay – o kaya i-set ito para sa auto top-up upang hindi mo na kailangang gumamit pa ng cash.
- **Proteksyon** – kahit mawala ang iyong card o manakaw, ang iyong balanse ay ligtas at protektado, at maaaring ilipat sa isang bagong card.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga konsesyon sa transportasyon, bisitahin ang **www.transportnsw.info** o tumawag sa **131 500**

## Paano makukuha ang iyong Gold Opal card

Ilabas ang iyong 9-digit na Numero ng Seniors Card at gawin ang alinman sa tatlong madadaling paraan na ito:

- **BISITAHIN ANG www.opal.com.au**
- **TUMAWAG SA 13 67 25 (13 OPAL)**
- **PUMUNTA SA alinmang Service NSW Centre**

Mga katanungan tungkol sa pagpapa-aktibo ng iyong card, pag-top up, pag-order ng kapalit o anumang bagay na Opal? Tumawag sa **13 67 25 (13 OPAL)** o bisitahin ang **www.opal.com.au**

**Mangyaring tandaan:**
Ang mga may-hawak ng Senior Savers card na nagtatrabaho pa rin ng 20 o higit pang mga oras bawat linggo sa isang may-bayad na trabaho ay hindi pa marapat para sa Gold Opal card at mga konsesyon sa transportasyon para sa mga retirado. Ang mga may hawak ng Senior Savers card ay maaaring magpapalit nito sa Seniors card na may buong konsesyon kapag nagsimula silang magtrabaho nang mas kaunti o ganap na magretiro.

# Magagamit na listahan ng mga kontak

**Emerhensya – ambulansya, pulisya at sunog**
T: 000

**Helpline ng GP sa labas ng oras ng opisina**
T: 1800 022 222

**My Aged Care**
www.myagedcare.gov.au
T: 1800 200 422
Lunes hanggang Biyernes 8:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi
Sabado 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon

**NSW State Emergency Service (SES)**
T: 132 500

**Lifeline**
T: 13 11 14
24-oras na suporta sa krisis

**NSW Poisons Information Centre**
T: 13 11 26

**Elder Abuse Helpline**
T: 1800 628 221

**NSW Seniors Information Service**
T: 137 788

**Transport NSW**
www.transport.nsw.gov.au
T: 131 500

**Kagawaran ng Fair Trading**
www.fairtrading.nsw.gov.au
T: 13 32 20
Lunes hanggang Biyernes 8:00 ng umaga hanggang 8:00 ng hapon

**Centrelink**
www.servicesaustralia.gov.au/individuals/centrelink
T: 132 468

Kung ikaw ay naglalakbay sa ibang estado, maki-ugnay sa naaangkop na tanggapan ng Seniors Card upang malaman ang tungkol sa mga diskuwento na makukuha mo bilang miyembro ng NSW Seniors Card.

**Seniors Card COTA ACT ng Australia Capital Territory**
T: (02) 6282 3777
www.actseniorscard.org.au

**Seniors Card ng Northern Territory**
T: 1800 441 489
www.ntseniorscard.org.au

**Seniors Card ng Queensland**
T: 13 QGOV (13 74 68)
www.qld.gov.au/seniorscard

**Seniors Card ng South Australia**
T: 1800 819 961
www.sa.gov.au/seniorscard

**Seniors Card ng Tasmania**
T: 1300 135 513
www.seniors.tas.gov.au

**Seniors Card ng Western Australia**
Seniors Card Centre
T: 1800 671 233
www.seniorscard.wa.gov.au

# *Impormasyon sa Pagkapribado/Pagtatatwa*



Kinikilala ng Seniors Card at Senior Savers Card ang kahalagahan ng iyong pagkapribado at nakatuon sa pagprotekta ng anumang personal na impormasyon tungkol sa iyo, na hawak namin. Kinokolekta lamang namin ang personal na impormasyon na kinakailangan para maisagawa namin ang aming mga tungkulin, at gagamitin o isisiwalat lamang namin ang impormasyong ito ayon sa mga layunin ng pagbibigay nito. Kasama rito ang pagbibigay sa iyo ng iyong Seniors card o Senior Savers card, taunang Seniors Directory, mga ipinapadala sa koreo (mail outs) at impormasyon tungkol sa mga aktibidad para sa mga miyembro. Maaari ring mag-survey ang Seniors Card sa ilang mga miyembro upang mapagbuti ang aming mga serbisyo. Kabilang sa personal na impormasyon na kinokolekta at hawak namin tungkol sa iyo ay ang impormasyong ibinigay mo sa amin nang nag-apply ka para sa isang Seniors card or Senior Savers card o nagkumpleto ng isang online form sa aming website. Isasama rito ang iyong pangalan, address, petsa ng kapanganakan at mga detalye sa pakikipag-ugnay.

Kung nais mong basahin pa ang aming Patakaran sa Pagkapribado, mangyaring bisitahin kami online sa **http://www.seniorscard.nsw.gov.au/privacy-policy**



NSW GOVERNMENT | SENIORS CARD

# *Impormasyon ng pakikipag-ugnay*

Maaari kang maki-ugnay sa NSW Seniors Card sa maraming paraan.

W: **www.seniorscard.nsw.gov.au**

T: **13 77 88**

E: **info@service.nsw.gov.au**

Kung ikaw ay bingi, hirap makarinig o may kapansanan sa pananalita, tawagan ang National Relay Service (NRS) sa **133 677** (TTY users) o **1300 555 727** (mga gumagamit ng Speak and Listen) bago tawagan ang numero ng telepono ng Service NSW.

## I-update ang iyong mga detalye o mag-order ng kahaliling card

Mahalagang ipaalam sa amin sakaling magbago ang iyong mga detalye ng pakikipag-ugnay. Upang maisapanahon (update) ang iyong mga detalye o mag-order ng kahaliling card:




- bisitahin ang **www.service.nsw.gov.au**
- mag-email sa **info@service.nsw.gov.au**
- tumawag sa **13 77 88**
- o dumalo sa alinmang **Service NSW centre**